Jefferson Union High School District

ADMINISTRATIVE OFFICES ♦ SERRAMONTE DEL REY
699 Serramonte Boulevard, Suite 100, Daly City, California 94015
650 550-7900 ♦ FAX 650 550-7888

BOARD OF TRUSTEES

Katherine Zarate Dulany
Jeanne L. Matysiak
Nick Occhipinti
Kalimah Salahuddin
Rosie U. Tejada

Thomas H. Minshew
Superintendent

Pebrero 7, 2015

Mahal naming mga Magulang at Tagapangalaga,

Sa parating na Abril 2015, ang inyong estudyante ay lalahok sa mga pagtatasang Smarter Balanced na nakahanay sa Common Core State Standards (CCSS). Lahat ng mga estudyante (kabilang ang mga estudyanteng maykapansanan, ELLs, at ELLs na maykapansanan) ay sasailalim sa magkaparehong mga inaasahan para makalahok at magtangahal sa mga pagtatasang pang-estado. Sa pagkilala sa mga magkakaibang katangian at mga pangangailangan ng mga estudyanteng magsisilahok sa mga pagtatasang ito, ang Smarter Balanced Consortium ay nakapagbuo ng accessibility tools. May tatlong tipo ng accessibility features – ***universal tools*** (mayroon para sa lahat ng estudyante), ***designated supports*** (makukuha kapag tinukoy ng nakatatanda o grupo), at ***accommodations*** (ang makukuhang pangangailangan ay dokumentado sa Individualized Education Program – IEP o 504 plan). Pakitala na ang mga estudyanteng may IEP o 504 Plan ay makatatanggap ng mga akomodasyon sang-ayon sa kanilang IEP o 504 Plan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa accessibility features ito, pakibisita ang http://www.cde.ca.gov/ta/tg/sa/access.asp

Upang makabuo ng isang proseso sa pagtatalaga ng mga suporta, ang mga administrador ng JUHSD District, mga Vice Principal ng Guidance ay nagpulong at nagkasundong lahat ng mga estudyante ay panimulang bibigyan ng mga nakatalagang suportang nakatala sa ibaba:

Mga Nakatalagang Suporta	**Paglalarawan**	**Mga Rekomendasyon sa Paggamit**
Hambingan ng Kulay (Itim sa Puti)	Matatantiya ng mga estudyante ang background ng iskrin o kulay ng font, base sa mga pangangailangan o kagustuhan ng estudyante. Maaaring kabilang dito ang pagbabaligtad ng mga kulay ng buong interface o pagpili sa kulay ng font at background.	Ang mga istudyanteng may problema sa pansin ay maaaring mangailangan ng suportang ito sa panonood sa nilalaman ng pagsusulit. Maaari ring kailanganin ito ng ilang istudyanteng may kahinaang biswal o ibang kapansanan sa limbag (kabilang ang mga kapansanan sa pagkatuto). Ang pagpili ng mga kulay ay nararapat na impormado ng ebidensiyang ang pagpipilian ng mga kulay ay katapat ng mga pangangailangan ng istudyante.
Texto-sa-bigkas (para sa mga item na math stimuli at mga item na ELA, hindi para sa mga pagbabasa ng mga talata)	Ang teksto ay binabasa nang malakas sa estudyante sa pamamagitan ng nakalakip na teksto-sa-bigkas na teknolohiya. Nakakayanan ng estudyanteng kontrolin ang bilis pati na ang pagtaas o pagbaba ng lakas o volume ng boses sa pamamagitan volume kontrol.	Ang mga estudyanteng nagsisikap pa lamang magbasa ay maaaring mangailangan ng tulong na makuha ang pagtatasa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng lahat o mga bahagi ng pagtatasang binabasa nang malakas. Ang suportang ito ay maaari ring kailanganin ng mga estudyanteng maykapansanan sa pagbabasa, o ng mga estudyanteng bulag at wala pang sapat na kasanayan sa paggamit ng braille. Ang suportang ito ay malamang na

		nakalilito at maaaring humadlang sa paggampan ng estudyanteng hindi regular na nakatatanggap ng suporta habang binibigyan ng instruksiyon. Ang mga estudyanteng gumagamit ng teksto-sa-bigkas ay mangangailangan ng mga headphone maliban kung sinubukan nang isa-isa sa hiwalay na sitwasyon.
Pagtatakip o Masking	Ang pagtatakip ay may kinalaman sa pagtatkip sa nilalamang hindi kagyat na kailangan o maaaring nakagagambala sa estudyante. Matutuunan ng mga estudyante ang partikular na bahagi ng isang item sa pagsusulit sa pamamagitan ng pagtatakip.	Maaaring takpan ng mga estudyanteng kulang sa atensiyon ang nilalamang hindi kagyat na kailangan o maaaring nakalilito habang nagtatasa. Ang suportang ito ay maaaring kailanganin din ng mga estudyanteng may kahinaan sa limbag (kabilang na ang mga kahinaan sa pagkatuto) o may kapansanang biswal. Hinahayaan ng pagtatakip ang estudyante na itago at ilahad ang mga opsiyon ng sagot, gayon din ang mga navigational button at menu.
Isinaling mga panuto ng pagsusulit (math) -para sa mga di katutubong nagsasalita ng Ingles	Ang salin ng mga panuto ng pagsusulit ay isang suportang wika na makukuha bago magsimula ang aktuwal na mga item ng pagsusulit. Ang mga estudyante ay puwedeng tumingin sa mga panuto ng pagsusulit sa ibang wika. Bilang isang lakip na nakatalagang suporta, ang isinaling mga panuto ng pagsusulit ay awtomatikong bahagi ng nakatalagang suporta sa pagsasalin	Ang mga estudyanteng may limitadong kasanayan sa wikang Ingles ay maaaring gumamit ng isinaling mga suportang panuto. Ang suportang ito ay nararapat lamang gamitin sa mga estudyanteng sanay nang magbasa sa ibang wika ngunit hindi sa Ingles.
Mga pagsasalin (mga glossary) (para sa mga item sa math) - para sa mga di katutubong nagsasalita ng Ingles	Ang mga sinaling glossary ay suportang wika. May mga sinaling glossary para sa mga piling construct-irrelevant na mga katawagan sa math. Ang mga salin para sa mga katawagan ay lalabas sa sa iskrin ng kompyuter kapag na-klik ito ng estudyante. Maaaring makita ng mga estudyante na may setting ng glossary ng wika ang sinaling glossary. Maaari ring piliin ng mga estudyante ang audio icon na katabi ng salita na nasa glossary at pakinggan ang audio recording ng glossary.	Ang mga estudyanteng may limitadong kasanayan sa wikang Ingles (whether or not designated as ELLs or ELLs with disabilities) ay maaaring gumamit ng glossary ng pagsasalin para sa mga partikular na katawagan. Ang paggamit ng suportang ito ay maaaring humantong sa pangangailangan ng estudyante ng dagdag na panahon sa pangkalahatan upang matapos ang pagtatasa.
Mga pagsasalin (naipon) (para sa mga item sa math) - para sa mga di katutubong nagsasalita ng Ingles (Esapanyol Lamang)	Ang mga naipong salin ay isang suportang wika. Ang mga naipong salin ay makukuha ng ilang estudyante; ang mga naipong salin ay nagbibigay ng buong salin ng bawat item pagsusulit sa itaas ng orihinal na item sa Ingles.	Para sa mga estudyante na ang unang wika ay hindi Ingles at gumagamit ng mga suporta sa dalawahang wika sa silid-aralan, ang paggamit ng ng naipong (dalawahang wika) salin ay maaaring nararapat. Ang mga estudyante ay lalahok sa sa pagtatasa anuman ang wika. Ang suportang ito ay magdaragdag sa mga babasahin at kognitibong dalahin. Ang paggamit ng suportang ito ay maaaring humantong sa pangangailangan ng estudyante ng karagdagang panahon sa pangkalahatan upang matapos ang pagtatasa.

Matapos kumuha ang mga 11th grader ng Smarter Balanced Training Test noong Pebrero 2015, sila ay pakikitaan ng ibat-ibang accessibility feature. **Sa panahong ito, bawat estudyante ay magkakaroon ng pagkakataong magpasya kung alin mga nakatalagang suporta ang hindi nakakatulong**. Tatanggalin ng mga coordinator sa test site ang mga tinalagang suportang ito sa aktwal na pagtatasa sa Abril 2015.

Upang maging pamilyar sa mga accessibility feature at makita ang mga halimbawang suliranin mula sa pagtatasa ng SBAC, bumisita lamang sa http://www.smarterbalanced.org/practice-test/ at sundin ang sumusunod na hakbang:

> ***I-klik ang icon na Take Practice and Training Tests>I-klik ang icon na Student Interface Practice. (Isa pang window ang lalabas.) I-klik ang Sign in>Piliin ang Grade 11>I-klik ang Yes> Piliin ang math o ELA Training Test>(Buksan ang Designated Supports)>I-klik ang Select>I-klik ang Start My Test.***

Kung mayroon pa kayong ibang mga tanong, paki-kontak lamang ang Ms. Karla Talkoff, (650)550-7856, ktalkoff@juhsd.net.